# Hindi Juramentado, Kundi Mujahid: Ang Dalumat at Praktis ng Sabil sa Isla ng Sulu (1876-1913)*

*Ayshia F. Kunting*

"Naghuhuramentado ka nanaman!" ang katagang binubulalas sa batang nagwawala, madalas dahil hindi niya nakuha ang inaasam-asam. Pero saan ba nagmula ang terminong ito -- paghuhuramentado? Malalim ang pinag-ugatan nito sa ating kasaysayan. Bagamat hindi kilala sa *mainstream* na kasaysayan ng ating bansa, may panahon na sa maliit na pulo sa katimugang dulo ng kapuluan, kapag naririnig ang katagang "*juramentado*" ay nabalot na sa matinding takot ang mga Español o Amerikanong mananakop.

Sa daan-daang taong pananakop ng dayuhan sa Pilipinas, marami tayong dinadakila na lumaban at nagbuwis ng kanilang buhay para sa kasarinlan. Bahagi na ito ng ating mga teksbuk na naglalaman ng mga bayani lalo na sa mga rehiyon sa Luzon. Ngunit ang kasaysayan ng Moro ay nakukubli pa rin sa kamalayan ng nakararaming Pilipino kung kaya nilalambong nito ang pagkabayani at pagkamartir ng mga mamamayan ng Timog noong panahon ng kolonyalismo. Bahagi ng pakikipagtunggali laban sa dayuhang paniniil ang mga juramentado ng Sulu. Hindi nakilala at

* Salin ni Michael Charleston B. Chua ng "Not Juramentado but *Mujahid*: Resistance of *Juramentados* to Spanish and American Colonization in the Light of Jihad," papel na unang isinumite ng may-akda para sa klase ng Kasaysayan 10 (The Basis and Objectives of the Study and Writing of History) ni Dr. Ma. Serena Diokno, UP Diliman, Unang Semestre, 2006-2007. Nirebisa para sa publikasyong ito.

naging biktima sila ng pagkalimot sa kasaysayan. Ang palasak na imahen ng mga ito ay yaong mga mababagsik at baliw na mga tao na may hawak na kris[1] na iwinawasiwas sa sinumang makasalubong. Ang pagpatay at kamatayan nila ay hindi lamang walang kabuluhang kabaliwan, kundi pagkilos ito na nakabatay sa kautusang Islamiko na *jihad*. May mga juramentado sa ilang bahagi ng Mindanao, ngunit sa papel na ito, isasalaysay ang pakikibaka ng mga juramentado sa isla ng Sulu, ang tinataguriang "tahanan ng mga juramentado."

## Juramentado

Ang salitang "juramentado" ay unang ginamit ni Gobernador-Heneral Jose Malcampo y Monje sa pananakop niya ng Jolo noong 1876 (Hurley, 1936, 126). Nagmula ang salitang ito sa salitang-ugat na Español na *"juramentar"* na ang ibig sabihin ay "manumpa" (Gealogo, 1994, 26). Sa kontekstong ito, ang panunumpang Tausug na ginagawa ng mga juramentado ay *"Jumanji kami hatunan ing kami ini magsabil karna sing Tuhan"* (Hurley, 1936, 128) na nangangahulugang "kami ay nanunumpang lumaban hanggang kamatayan para sa Allah." Kapag ang mga determinadong juramentado ay nanumpa na, lulusob sila nang paisa-isa o sa maliliit na grupo, dala ang kanilang mga kris, at hindi na sila mapipigilan hanggang mamatay (Hobbs, 1962, 90). Ang persepsyon sa kanila ay mababangis, walang-awa, at makahayup na mga Moro na nang-iitak ng sinumang humarang sa kanilang landas. Para kay Heneral Malcampo at mga kasamahan niya nang salakayin nila ang Jolo noong 1876, ang mga Moro na ito ay mga juramentado. Ngunit ang mga mandirigmang ito ay tinawag ang kanilang mga sarili bilang magsabil (Hurley, 1936, 128). Ito ay salitang kabilang sa nabanggit na panunumpang Tausug na ang ibig sabihin ay mamatay para sa Allah. Pero para sa mga mas maalam na mga pandita[2], *mujahid* ang termino para rito na siya namang mas akmang termino (Majul, 1973, 424).

## Jihad

Ang mujahid ay isang Muslim na nagsasagawa ng Islamikong jihad, isa sa mga pinakaimportanteng bahagi ng pananampalatayang Islam. Sa kasalukuyan, kadalasang isinasalin ito sa Ingles bilang "*holy war*" o sa Filipino bilang "banal na digmaan." Ngunit sa orihinal na wika nitong Arabiko, ang jihad ay nangangahulugang pakikibaka; pakikibaka para kay Allah. May dalawang uri ng jihad. Sa maraming Muslim, ang *jihad al-akbar* (mas dakilang jihad) ang pakikibaka ng indibidwal laban sa sariling mga pagnanasa at kamunduhan, habang ang *jihad al-asghar* ay ang pakikibaka sa larangan ng labanan, bagamat mayroon ding ilang nagsasabi na maaaring pagpalitin ang mga ito. Anupaman, maituturing na jihad ang pakikibaka ng mga juramentado.

Mayroon lamang ilang ispesipikong kadahilanan o kondisyon kung kailan maaaring isagawa ang jihad: nang ang Islam ay kilalanin at ipagtanggol ito kung sinasalakay; para anumang kolonyalismo o paniniil ay mapigilan; nang ang katarungan at kalayaan ay manaig sa buong mundo; at para ang pagsamba sa mga diyos-diyosan ay labanan (Ilhami, 1991, 28-44). Sumasang-ayon ang lahat ng mga iskolar ng Islam na ang diwa ng jihad ay depensa o pagtatanggol (Taliqani, Mutahhari, Shariati, Abedi, at Legenhausen, 1986, 103). Ang mga Muslim ay inuutusan ng relihiyong Islam na kailangang ipagtanggol ang kanilang mga buhay, ari-arian, pamayanan, dangal, at kanilang pag-iral kung may pananakop at pang-aapi (Ilhami, 1991, 34). Ang utos sa mga Muslim ay malinaw na nakasaad sa *Qur'an* (2, 190), ang pangunahing batis ng aral-Islamiko na nagsasabing "Patalsikin sila mula sa kung saan kayo pinatalsik" (Saheeh International-Riyadh, 1997, 16-17).

## Pagbabaliktanaw sa Sabil sa Sulu
## Bago ang 1876

Sa ilalim ng bandila ng Kayamanan, Katolisismo, at Kapangyarihan, naglakbay ang mga kolonisador na Español tungo sa Moluccas at napadpad sa Pilipinas noong 1521 at naitatag ang

mga unang pamayanan sa Pilipinas noong ekspedisyon ni Miguel Lopez de Legaspi simula 1565. Ang pananakop sa Luzon at Visayas ay hindi nagbunga ng malaking kita para sa Hari ng España dahil ang mga Español na ito ay nabigong hanapin ang gintong kanilang kinakailangan. Nang marinig nila na mayaman sa perlas ang Sulu, nagtangka silang sakupin ang lupa at kayamanan nito (Hurley, 1936, 59). Nagpadala sila ng mga ekspedisyon sa Sulu sa pag-asang mapasailalim nila ang mga Moro doon.

Sa ilalim ng pamumuno ni Gobernador-Heneral Francisco de Sande, pinangunahan ni Kapitan Esteban Rodriguez de Figueroa ang pinakaunang ekspedisyon sa Sulu noong Hunyo 1578 (Hurley, 1936, 60). Sa Jolo, nakita niya na iilan lamang ang naninirahan doon kaya naman kanyang ipinasunog ang mga bahay kubo ng mga Moro. Nilisan din ni Kapitan de Figueroa ang lugar. Sa sumunod niyang ekspedisyon, hindi lamang mga bahay ang sinunog nila kundi pati na ang mga moske o *masjid* (Hurley, 1936, 63). Ang masjid ay isang napakahalagang gusali para sa pamayanang Moro. Pangunahing papel nito ang pagiging lugar ng ikalawang Haligi ng Islam (Pillar of Islam) -- ang pananalangin nang limang beses isang araw. Wala nang iba pang pisikal na istruktura sa pamayanan na maaaring sumagisag sa relihiyong Islam. Para sa mga Morong ito, ang pagsunog sa mga masjid ay isang pag-atake sa mismong relihiyon at samakatwid kailangang ipagtanggol. Mahalagang banggitin na isinasabuhay lamang ng mga Moro ang kanilang karaniwang pamumuhay nang sila ay biglang salakayin ni Figueroa dahil sa kanyang adhikaing maging gobernador ng mga isla at magkaroon ng pagkakataong mangolekta ng buwis o tributo mula sa mga Moro. Siya ang nagsimula ng digmaan sa pagitan ng mga Español at Sulu. Ang mga sumunod na ekspedisyong Español at pangangayaw ng Moro ay maituturing na paghihiganti sa isa't isa.

Noong Pebrero 1602, inatake ang mga pamayanan sa Jolo sa pamumuno ni Juan Gallinato. Matapos ang isang bigong pakikibaka sa pagtatanggol ng kanilang lupain, nagtungo sa mga burol ang mga Moro.

Dito, mapapansin ang madalas na pag-urong patungo sa mga burol o kabundukan ng mga buong pamayanan sa maraming pag-aalsa at pakikidigmang bayan, maging sa mga sakuna, noong panahon ng pananakop ng mga Español sa Pilipinas. Laganap din ito sa ating mga kalahi sa buong mundong Melano-Polynesiano. Laganap ang dalumat ng *Ilihan* sa iba't ibang kultura at wika sa Pilipinas na ayon sa pagsusuri ni Zeus A. Salazar ay maaaring mangahulugang mataas na lugar, hindi permanenteng pámahayán, urungan, o tanggulan (Salazar, 1997, 7-18 at Salazar, 2006, 20-22, 37, 79, 92, 113, at 134-136). Ang diwa nito ay makikita maging sa epektibong estratehiyang militar ni Gat Andres Bonifacio bilang Supremo ng Katipunan at Pangulo ng Haring Bayan, ang *Real*, na sa gamit ng Katipunan ay "Komunidad na may tanggulan malapit sa bayan" (Salazar, 1997, 3-4), at hanggang ngayon sa mahahaba at nagpapatuloy na mga digmang-bayan ng mga Komunistang Bagong Hukbong Bayan (*New People's Army* o NPA), at ng *Moro Islamic Liberation Front* (MILF).

Nakapagtatag ng moog ang mga Español sa Jolo ngunit pagkatapos ng tatlong buwan, dahil sa kakulangan sa *reinforcement* at mga suplay, napilitan silang lisanin ang isla. Ngunit bago ito, winasak nila ang mga pamayanan, taniman, at ari-arian ng mga Moro (Majul, 1973, 132). Ang mga ekspedisyon na ipinadala ng Español ay bilang parusa sa madalas na pangangayaw ng mga Moro sa mga pamayanang nasa ilalim ng Español. Ngunit sa kabilang banda, ang mga pangangayaw ng mga Moro sa Visayas ay para makabawi sa pagkawasak ng kanilang mga ari-arian. Sa hangaring makontrol ang Sulu, nagpatuloy ang mga Español sa karaniwang paraan ng pagwasak ng mga ari-ariang Moro ngunit hindi sila nagtagumpay na mapasailalim ang isla. Ang pagkakatatag ng mga Español ng Fuerza Pilar sa Zamboanga noong 1635 ay nagbigay-daan sa mas matitinding pag-atake sa Sulu. Noong Enero 4, 1638, dumating sa Jolo si Gobernador-Heneral Sebastian Hurtado de Corcuera kasama ang 600 sundalong Español, 1000 tropang Indio, at 80 barko (Saleeby, 1908, 177). Nagdulot ang mga ekspedisyon niya ng daan-daang bahay at buhay ng mga Moro na nawala. Sa mga sumunod na siglo ng pakikipagtunggali, maging ang iba pang kapangyarihang Europeo ay nakamasid na rin sa isla ng Sulu.

Nabahala ang mga Español sa mga ekonomikong aktibidad sa pagitan ng Sulu at mga Ingles at Olandes. Sa taong 1851 nagsimulang humina ang Jolo sapagkat nagpapadala ng mas malalakas na ekspedisyon ang Español upang pag-ibayuhin ang kanilang pag-angkin sa Sulu para tuluyan nang makuha ang katimugang hangganan ng Pilipinas (Majul, 1973, 337).

## Pagdadalumat ng *Juramentado* sa Harap ng Sabil sa Sulu Simula 1876

Sa wakas, noong Pebrero 1876 ay nakuha ng mga Español ang Jolo, ang kabisera ng Sulu sa ilalim ng pamumuno ni Malcampo y Monje kaakibat ang 9,000 sundalo, 10 *steamboat*, at 12 *gunboat*. Winasak ng ekspedisyon halos lahat ng mahahalagang bayan ng Sulu -- Tapul, Lapak, Parang, Mayumbung, at ang kabisera, ang Jolo. Ang Sulu ay lubhang nanghina, na nagbigay-daan para makapagtatag ng isang garison sa Jolo ang mga Español (Saleeby, 1908, 222-223). Napatalsik sa kanilang mga bahay at nawasak ang ari-arian ng mga Moro sa Sulu pagkatapos ng digmaang ito.

Sumagisag ang garison sa paghahari ng mga kolonisador at nanganib ito dahil sa matinding galit ng mga Moro sa pagnanais na mabawi ang mga nawala sa kanila. Nagsagawa ang mga nawalan ng tirahan at iyong mga namumuhi sa kolonyalismo ng desperadong mga paraan upang salakayin ang puwersang Español. Sa mga panahong iyon, unang ginamit ni Malcampo y Monje ang salitang juramentado. Sa mga panahong iyon, iginuhit ng juramentado ang sarili niya sa kasaysayan.

Marahil iilan lamang ang tala tungkol sa mga juramentado dahil araw-araw naman itong nangyayari. Sa maagang bahagi ng 1887, may mga umatake nang juramentado sa garison (Saleeby, 1908, 224). Noong Hunyo 1883, tatlong juramentado ang nakapatay ng dalawang opisyal na Español sa loob ng garison (Saleeby, 1908, 236). Binabanggit sa isa pang tala na labing-isang juramentado ang pumasok sa lunsod ng Tianggi at dagling lumusob sa mga Español na naroon. Napatay ang mga umatake

ngunit pagkatapos ng insidente, nakitang "*fifteen Spaniards had been hacked to pieces... The head of one Spaniard was cut off as clean as if with a razor and another was almost cut in two*" (Hurley, 1936, 130). Sinubukan ng mga Español sa Jolo na pamunuan ang mga taga-Sulu ngunit hindi nila ito nagawa dahil sa palagiang tangka ng pag-atake ng mga juramentado. Kaya naman ang mga dayuhang ito ay nanatili lamang sa Jolo. Kung tutuusin para na rin silang nakakulong sa garison dahil hindi sila maaaring lumabas nang basta-basta. Ang mga opisyal na Español ay nakipagkaibigan sa mga sultan at datu upang mapadali sa kanila ang pag-impluwensya sa mga Moro na nasa ilalim ng kapangyarihan ng mga ito. Ngunit sa pakikipag-ugnayan sa banyaga, nawalan ng popularidad sa bayang pinamumunuan ang mga datung ito dahil sa kabila ng kanilang mahalagang papel bilang pinuno, hindi sila naging matatag sa paglaban sa kolonyalismo gayong sila dapat ang nangunguna sa pag-organisa ng jihad laban sa mga Español. Dahil walang organisadong jihad, ang mga juramentado na ang nag-atas sa kanilang sarili batay sa isinaad sa Qur'an na pagtanggol sa pamayanan at ari-arian. Ang Sulu ay nasa ganitong sitwasyon ng kaguluhan nang mapirmahan ang Tratado sa Paris at binayaran ng Estados Unidos ang España sa mga naiambag diumano nito sa ating bansa ng $20,000,000 kapalit ang mga isla ng Pilipinas (Agoncillo at Guerrero, 1977, 208-209). Ibinilang sa dokumento ang maliit na isla ng Sulu.

## Praktis ng Sabil sa Sulu sa Ilalim ng Pananakop ng Amerikano 1899-1913

Mayo 1899 nang dumating ang mga Amerikano sa Sulu. Maalam at handa na sila sa bahaging iyon ng bansa (Tan, 2002, 151). Ang bagong lahi ng kolonisador ang nagmana sa "problemang Moro" kaya naging lubhang maingat sila na huwag pagningasin ang galit ng mga Moro na siyang pinakamatinding nakipagtunggali sa kapangyarihang dayuhan. Si Tenyente Heneral John Bates ang naging tagapamahala ng Distritong Moro. Naisip niya na magiging mas mainam na hayaan na muna ang Moro habang ang Digmaang Pilipino-Amerikano ay nagpapatuloy sa Hilaga. Tiniyak ng mga

Amerikano na hindi sila makikialam sa pamumuhay ng mga taga-Sulu lalong lalo na ang kanilang relihiyon.

Ang mga tala ng mga Amerikano tungkol sa mga juramentado ay nagpapakita na para sa mga Moro, walang pinagkaiba ang mga Español at Amerikano. Sa katotohanan, tulad din sila ng mga Español na nananakop ng lupaing hindi kanila kaya naman naging target sila ng mga juramentado.

Naging madali sa mga Amerikano na pamahalaan ang Sulu hanggang noong Oktubre 1903 nang pinangunahan ni Panglima Hassan ang pag-aalsa laban sa mga Amerikano. Nagmula siya sa Luuk, kilala bilang *"home of the juramentados"* (Tan, 2002, 172-173). Sinasabing naganap ang pinakaunang putok ng balang Amerikano sa mga Moro sa digmaan sa Bundok Suleiman nang paputukan sila ng mga tauhan ni Panglima Hassan (Hobbs, 1962, 94-95 at Tan, 2002, 176). Napatay ang ilang Moro at ito ang naging simula ng malawakang pag-alsa ng mga Moro laban sa kolonisador at pagtugis naman ng mga Amerikano kay Panglima Hassan. Dumating sa Jolo ang mga unang tropang Amerikano noong Nobyembre 11, 1903 at doon mismo ay pinagtangkaan sila ng ilang juramentado. Ang pangunahing misyon ng mga sundalong ito ay tugisin si Panglima Hassan at ang lahat ng kanyang tauhan. Kaya makikita natin ang mga juramentado na hindi tumigil sa pakikidigma laban sa dayuhang pananakop ng kanilang mga lupain. Ginawa nila ito upang pangalagaan ang kanilang mga pamumuhay dahil ang mga Amerikano ay pumatay ng daan-daang Moro na nag-alsa laban sa kanila.

Isang pamayanan ng mga Tausug sa ilalim ni Datu Uti ang nag-ilihan sa Bud Dajo, Jolo upang ipakita ang hindi pagsang-ayon sa pakikipagkasundo ng kanilang sultan sa mga Amerikano. Noong Marso 5, 1906, sa utos ni Heneral Leonard Wood, sila ay pinalibutan, inakyat, at nilusob ng mga Amerikano sa ilalim ng isang Koronel Duncan na may 800 mga opisyal at tauhan mula sa *6th* at *19th Infantry*, *4th Cavalry*, *28th Artillery Battery*, ang Konstabularyo ng Sulu at mga mandaragat mula sa *gunboat Pampanga*. Habang pinapaulanan ng mga Amerikanong mortar at mga *machine gun*, matapang na lumusob ang mga Tausug gamit

ang kanilang mga itak (Dalena at Griggers, 2001 at Chua, 2005). Sa unang taya, 600 lamang ang mga nasawi, subalit ayon kay Victor Hurley, sa 1,000 lalaki, babae, matanda, at batang Tausug, 994 ang namatay, 6 ang sugatan. Matapos iulat ang tagumpay ng kanyang misyon sa Kalihim Pandigma ng Estados Unidos, si Heneral Wood ay kagyat na nakatanggap ng papuri mula sa Pangulong Theodore Roosevelt. Sa isang liham noong Marso 15, 1906 sa Kongreso ng Estados Unidos na pinamagatang "*Message From The President of the United States Transmitting An Account of the Engagement on Mount Dajo Between United States Forces and a Band of Moros*," kanyang ipinahayag:

> *The officers and enlisted men under Gen. Wood's command have performed a most gallant and soldierly feat in a way that confers added credit on the American Army. They are entitled to the heartiest admiration and praise of all those of their fellow citizens who are glad to see the nonor of their flag upheld by the courage of the men wearing the American uniform* (Walang May-akda, 1906, 433-434).

Ngunit hindi lahat ng Amerikano ay sumang-ayon. Sa isang talumpating pinamagatang "*The Charge of the Wood Brigade or What the Heathen Call the Massacre of Mount Dajo*" na binigkas noong Marso 15, 1906 Sa Kongreso ng Estados Unidos, binasa ni Kinatawan John Sharp Williams ang isang nakapangingilabot na tula:

> *Chased them from everywhere*
> *Chase them all onward,*
> *Into the crater of death*
> *Drove them – six hundred.*
> *"Forward, the Wood Brigade;*
> *Spare not a one," he said;*
> *Shoot all six hundred."*
>
> *Flashed all the sabres there,*
> *Flashed as they turned in air,*

*Sabring the women there,*
*Charging the children, while*
*All the world wondered.*
*Stifled by cannons' smoke,*
*Men, women, children choke.*

*Women and children*
*Reeled from the bay'net's stroke,*
*In death not sundered;*
*Families slauthered there,*
*All of six hundred.*

*What shall such bloodthirst slake?*
*Go ask Hell Roaring Jake*
*Whether Wood blundered.*
*Honor the charge they made;*
*Honor the Wood Brigade,*
*For that six hundred* (Walang May-akda, 1906, 433-434).

Ayon naman sa popular na manunulat at anti-imperyalistang si Mark Twain:

> *... There, with six hundred engaged on each side, we lost fifteen men killed outright, and we had thirty-two wounded... The enemy numbered six hundred-including women and children-and we abolished them utterly, leaving not even a baby alive to cry for its dead mother. This is incomparably the greatest victory that was ever achieved by the Christian soldiers of the United States* (Twain, 1992, 168-170).

Sa isa pang pagkakataon, sarkastiko niyang isinulat sa kanyang karaniwang istilo bilang pinakaprominentreng mukha at panulat ng *Anti-Imperialist League*:

> *... To pen six hundred helpless and weaponless savages in a hole like rats in a trap and massacre them in detail during a stretch of a day and a half,*

> *from a safe position on the heights above, was no brilliant feat of arms... "Slaughter" is a good word* (Gibson, 2006).

Hanggang Oktubre 17, 1911, may juramentadong umatake sa himpilang Amerikano sa Lawa ng Siit. Tinaga niya ang isang Amerikanong sarhento gamit ang kanyang sibat at bagamat pinaulanan na siya ng mga balang Amerikano, nakapatay pa siya ng apat na tropang Amerikano gamit ang kanyang barong (Hurley, 1938, 315).

Noong 1911, isang Koronel Alexander Rodgers ang nakaisip ng paraan para matigilan ang mga atake ng juramentado. Ito ay sa pamamagitan ng paglibing ng mga bangkay ng juramentado kasama ang laman ng baboy. May mga ilan pang atake ang sumunod ngunit lubhang nabawasan ang mga ito dahil ang baboy ay kinasusuklaman sa relihiyong Islam. Kahit ang baril na may .45 caliber ay dinisenyo dahil sa pangangailangan ng mga Amerikano nang higit na nakamamatay na sandata laban sa mga juramentado. At dito nagwakas ang agresibong paghuhuramentado ng mga Moro sa Sulu.

Ngunit hindi dito natapos ang pagtatanggol ng mga taga-Sulu sa kanilang pamumuhay at kalinangan. Ang labanan sa Bud Dajo na tinawag ng mga Tausug na "Ang Pagtindig sa Alapaap," ay tila naulit sa Pagtindig sa Bud Bagsak sa Jolo, Sulu noong Hunyo 15, 1913 (Llanes, 2003). Dito, makikita na hindi noong 1901 nagwakas ang Digmaang Pilipino-Amerikano kundi noong 1913. Na ang digmaan ay tinuldukan ng katapangan ng mga magsabil ay katibayan sa pagpapatuloy ng pakikibaka ng mga Pilipino para sa kalayaan at pagkilala na kabilang ang pakikibaka ng Moro sa pambansang kasaysayan ng Pilipinas.

Sa pagbabalik-tanaw sa kasaysayan makikita natin ang lalim at pagpapatuloy ng dalumat at praktis ng Sabil sa Sulu. Kahit na noon lamang 1876 ginamit ang salitang juramentado, mayroon nang mga Moro na nagpakita ng parehong paraan ng pag-atake sa isang *"frenzied state."* Noong 1663, isinalarawan ni Padre Combes ang pagtugon ng mga Moro sa mga Español na lumapag sa Jolo.

Binganggit niya na ang mga umatakeng Moro ay walang takot na mamatay at tila pa ngang sila ay lango sa opyo (Tan, 2002, 90-92).

## Pangwakas

Para sa marami, ang juramentado ay isang Moro na biglang nabaliw o nag-amok at walang habas na pumapatay -- isang bulag na pagsunod sa isang marahas na doktrina ng kanyang relihiyon. Ngunit ang naging bunsod ng kanyang kilos ay ang pangangailangang makibaka para sa lupaing kinamkam sa kanya. Lumaban siya, mayroon man o walang organisadong pag-aalsa. Lagi siyang determinadong lumaban sa kamalian -- ang kolonyalismo. Nagluluksa siya sa tuwing ang kanyang mga kapatid sa pananampalataya ay pinapatay ng mga mapaniil na kolonisador. Nakibaka siya laban sa mga Español at Amerikano upang mapanatili ang kanyang pananampalataya. Ang kanyang sigaw sa labanan ay "*La ilaha il ALLAH*!" -- walang ibang Diyos liban sa Allah! Ipinagtanggol ng juramentado ang kanyang buhay, ang kanyang ari-arian, ang kanyang pamayanan, ang kanyang dangal, at ang kanyang pag-iral. Ang magiting na gawang ito ay -- sa diwa -- isang jihad. Ang juramentado ng Sulu ay maaaring isang maliit na detalye na lamang sa kasaysayan ng ating bansa ngunit sa kalaunan, bahagi siya ng dakilang pakikibaka nating mga Pilipino laban sa kolonyalismo. Siya rin ay isang mujahid na nakibaka para sa Panginoon.

## Talahuli

[1] Ayon sa dokumentaryong *Raiders of the Sulu Sea*, ang kris ay isang sandata ng kapwa "digmaan at seremonya." Ito ay may habang 1.2 metro na hindi lamang tangan sa labanan ng mga mangangayaw o mandirigma kundi ng mga pamilya at matataas na opisyal ng mga Sultanato, "*Double-edged with either a smooth or wavy blade*."

[2] Ang *pandita* ay isang nakakaalam ng mga katuruan ng Islam. Siya rin ang nangangasiwa sa mga ritwal ng mga *juramentado.*

## Sanggunian

*Aklat at Artikulo*


Agoncillo, Teodoro at Milagros Guerrero (1977). *History of the Filipino People*. Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co.

Chua, Michael Charleston (2005, Marso 3). The Stand at the Clouds (Ang Pagtindig sa Alapaap). Presentasyon para sa *Paggunitang Pansentenaryo ng Pagtindig sa Bud Dajo,* Pulungang Recto, Bulwagang Rizal, UP Diliman.

Gealogo, Francis (1994, Enero-Disyembre). Ang Hermeneutika ng Pakikipagtunggali: Ang Pagpapakahulugan sa Diskurso ng Pakikibakang Panlipunan. *Philippine Social Sciences Review, 51,* 1-37.

Gibson, Christine (2006). American Troops Killing Muslims: A Massacre to Remember. *American Heritage Website*. http://www.americanheritage.com/places/articles/web/20060308-moro-my-lai-leonard-wood-theodore-roosevelt-philippines-sulu-juramentado-manila-pershing.shtml.

Hobbs, Horace (1962). *Kris and Krag: Adventures Among the Moros of the South Philippine Islands*. Washington: Horace P. Hobbs, Jr.

Hurley, Victor (1936). *Swish of the Kris: The Story of the Moros*. Mandaluyong: Cacho Hermanos, Inc., 1985.

Hurley, Victor (1938). *Jungle Patrol: The Story of the Philippine Constabulary*. Mandaluyong: Cacho Hermanos, Inc., 1985.

Ilhami, Dawood (1991). *The Doctrine of Jihad in Islam*. Razavi, Iran: Islamic Research Foundation of Asian Quds Razavi.

Llanes, Ferdinand (2003, Abril). Destroying Moro Communities: Remembering Bud Dajo and Bud Bagsak. *Our Own Voice Website.* http://www.oovrag.com/essays/essay2003b-1.shtml.

Majul, Cesar Adib (1973). *Muslims in the Philippines*. Quezon City: UP Press, 1999.

Saheeh International-Riyadh (1997). *The Qur-an: Arabic Text with Corresponding English Meanings*. Riyadh: Abulqasim Publishing House.

Salazar, Zeus (1997). Ang Real ni Bonifacio Bilang Teknikang Militar sa Kasaysayan ng Pilipinas. *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas, 1.*

Salazar, Zeus (2006). *Ang Pilipinong "Banua"/"Banwa" sa Mundong Melano-Polynesiano*. Quezon City: Palimbagan ng Lahi.

Saleeby, Najeeb Mitry (1908). *The History of Sulu*. Manila: Bureau of Printing.

Taliqani, Sayyid Mahmud, Murtaza Mutahhari, Ali Shariati, Mehdi Abedi, at Gary Legenhausen (1986). *Jihad and Shahadat*: *Struggle and Martyrdom in Islam*. Texas: Institute for Research and Islamic Studies.

Tan, Samuel (2002). *The Filipino-American War 1899-1913*. Quezon City: UP Press.

Twain, Mark (1992). *Mark Twain's Weapons of Satire: Anti-imperialist Writings on the Philippine-American War.* Pinamatnugutan ni Jim Zwick. New York: Syracuse University Press.

Walang May-akda (1906, Marso 24). Killing Women and Children in Jolo. *Literary Digest, 32,* 433-434.

*Bidyo*

Borja-Estrada, Icelle Gloria (panauhing historyador) (2008). *Raiders of the Sulu Sea.* Singapore: Oak 3 Films.

Dalena, Sari Lluch at Camilla Benolirao Griggers (mga direktor at manunulat) (2001). *Memories of a Forgotten War.* Quezon City: Mowelfund Film Institute at National Commission for Culture and the Arts.